2 Hunyo, 2026

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 252, s. 2026

**KALIPUNAN NG MGA LOKALISADONG ESTRATEHIYA SA FILIPINO:INSTRUMENTO SA PAGPAPAUNLAD NG AKADEMIKONG PAGGANAP NG MAG-AARAL**

Sa mga: Katuwang na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe ng CID
Tagamasid Pampurok
Puno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya
Sa iba pang kinauukulan

1. **Ang Kalipunan ng mga Lokalisadong Estratehiya sa Filipino: Instrumento sa Pagpapaunlad ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral** ay kabilang sa mga proyekto ng Project FILAR ng Sangay ng Bulacan. Ito ay magsisimula ngayong Hunyo hanggang Disyembre, 2026.

2. Ang layunin ng proyekto ay ang sumusunod:
   - natitipon ang mga lokalisadong estratehiya na isinulat ng mga guro sa Sangay ng Bulacan;
   - napatataas ang akademikong pagganap ng mag-aaral gamit ang mga lokalisadong estratehiya; at
   - naitatampok ang mga guro sa Sangay ng Bulacan na may sapat na kakayahan sa pagsasagawa ng mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo-pagkatuto upang mapaunlad at mahasa ang akademikong pagganap ng mag-aaral na makahahasa sa kritikal na pag-iisip na kanilang magagamit sa pang-araw-araw na buhay.

3. Ang Tanggapang Panasangay sa pangunguna ng Tagamasid Pansangay sa Filipino – **Anastacia N. Victorino** at mga kasamang Tagapayo sa Filipino at Technical Working Group ay kukuha ng mga mahuhusay na guro sa bawat distrito o EDDIS sa rekomendasyon ng mga PSDS sa Elementarya at mga Punong-guro sa Sekundarya.

4. Ang disenyo at plano maging ng Oryentasyon ay magaganap sa 5 Hunyo 2026 kaalinsabay ng Year-end Assessment ng mga proyekto sa Filipino.

5. Ang Memorandum na ito ay magsisilbing Liham Pahintulot sa Paglalakbay ng mga dadalo sa gawain.



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang Talaan ng mga Gawain, mga miyembro ng TWG at Balideytor.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

[redacted]

**CECILIA E. VALDERAMA, PhD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

Enklosyur Bilang 1 mula sa Memorandum Pansangay Bilang 252, s. 2026

**TALAAN NG MGA GAWAIN**

| Gawain | Petsa | Taong Kasangkot |
|---|---|---|
| Pansangay na Birtuwal na Oryentasyon | 5 Hunyo 2026 | Tagamasid Pansangay sa Filipino<br>31 Pandistritong Tagapayo ng Filipino sa Elementarya<br>2 Tagapayong Lider sa bawat EDDIS sa Sekundarya na pipili ng tig-5 gurong manunulat |
| Paghahanda ng Kalipunan ng Lokalisadong Estratehiya sa Filipino | Hunyo-Hulyo 2026 | Tagamasid Pampurok<br>Pandistritong Tagapayo sa Filipino<br>2 Tagapayong Lider sa bawat EDDIS sa Sekundarya<br>Mga Guro |
| Pagsumite ng tampok na Lokalisadong Estratehiya sa Filipino | Agosto 2026 | Tagamasid Pampurok<br>Pandistritong Tagapayo sa Filipino<br>2 Tagapayong Lider sa bawat EDDIS sa Sekundarya<br>Mga Guro |
| Pansangay na Pagsusuri at Pagpili ng Pinakamahusay na Estratehiya | Setyembre 2026 | Tagamasid Pampurok<br>Pandistritong Tagapayo sa Filipino<br>2 Tagapayong Lider sa bawat EDDIS sa Sekundarya<br>Mga Guro<br>TWG |
| Paglalabas ng resulta sa mga napiling Pinakamahusay na Estratehiya | Oktubre 2026 | Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan |



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

| | | |
|---|---|---|
| | | Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan<br><br>Hepe-CID<br><br>Tagamasid Pansangay sa Filipino |
| Pagbuo/ Paglilimbag ng Libro ng Kalipunan ng Lokalisadong Estratehiya sa Filipino | Nobyembre 2026 | Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan<br><br>Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan<br><br>Hepe-CID<br><br>Tagamasid Pansangay sa Filipino |
| Pagtatampok sa mga guro sa Sangay ng Bulacan na nagsagawa ng mga inobatibong estratehiya | Disyembre 2026 | Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan<br><br>Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan<br><br>Hepe-CID<br><br>Tagamasid Pansangay sa Filipino |



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

Enklosyur Bilang 2 mula sa Memorandum Pansangay Bilang 252, s. 2026

## TALAAN NG MGA TWG/BALIDEYTOR

| Pangalan | Posisyon | Paaralan |
|---|---|---|
| Anastacia N. Victorino | EPS | |
| Romel C. Roque, PhD | Nanunuparang Punong-guro/ Dalub-guro II | Paaralang Elementarya ng Calumpit |
| May Crisette L. Magayon | Guro III | Paaralang Sentral ng San Rafael |
| Jobelle R. Liongson, PhD | Punong-guro IV | Paaralang Elementarya ng Salacot |
| Lea T. Agulto | Nanunuparang Punong-guro/ Dalub-guro I | Paaralang Elementarya ng Buga |
| Noli I. Francisco | Dalub-guro I | Paaralang Elementarya ng Duplas |
| Noemi R. Caparas | Punong-guro III | Paaralang Elementarya ng San Marcos |
| Keren Mae E. Rojo | Guro III | Paaralang Elementarya ng Camangyanan |
| Rhea D. Malabanan | Punong-guro III | Paaralang Elementarya ng Sta. Rosa II |
| Rosalinda A. Galvez | Dalub-guro II | Paaralang Elementarya ng Sta. Catalina Bata |
| Joanne Riz G. Agravante | Guro III | Paaralang Elementarya ng Sapang Dayap |
| | | |



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
*website: https://bulacandeped.com* *email. bulacan@deped.gov.ph*

**Rasyonale**

Ang Kalipunan ng mga Lokalisadong Estratehiya sa Filipino: Instrumento sa Pagpapaunlad ng Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral ay kabilang sa mga proyekto ng Project FILAR ng Sangay ng Bulacan. Ito ay naglalayong makabuo ng isang kalipunan ng mga estratehiya magtatampok ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino kung saan binibigyang-tuon ang lokalisasyon. Lay din ng proyektong ito na mapaunlad ang akademikong pagganap ng bawat Bulakenyong mag-aaral sa pamamagitan ng higit na pag-unawa sa mga aralin sa Filipino bilang resulta ng paggamit ng angkop na lokalisadong estratehiya.

Ang proyektong ito ay tumatalima sa DepEd Order No. 42, s. 2017 o National Adoption and Implementation of the Philippine Professional Standards for Teachers na kumikilala sa kahalagahan ng mga pamantayang propesyonal sa patuloy na paglinang at pagpapaunlad ng mga guro batay sa prinsipyo ng panghabambuhay na pagkatuto. Kinikilala rin ito ang katotohanang ang pagkakaroon ng mahuhusay na guro ay mahalaga upang mapataas ang antas ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Mula rito, malinaw na pinatutunayang ang de-kalidad na pagkatuto ay nakasalalay sa de-kalidad na pagtuturo.

Ang estratehiya sa pagtuturo ay tumutukoy sa idinisenyong pamamaraan ng pagtuturo na ginagamit ng mga guro upang higit na mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay isang ispesipiko o tiyak na pamamaraan na naglalayong tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral at matamo ang itinakdang layunin sa pagkatuto.

Ang paggamit ng mga lokalisadong estratehiya sa pagtuturo ay nakapagpapaigting sa kaugnayan ng aralin sa mga mag-aaral. Higit na nagiging makabuluhan ang pagkatuto kung malinaw na naipakikita ang kaugnayan ng aralin sa kultura, kasaysayan at karanasan ng mga mag-aaral.

Malinaw na nakasaad sa DepEd Order No. 31, s. 2012 o Policy Guidelines on the Implementation of Grades 1 to 10 of the K to 12 Basic Education Curriculum ang pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa mga



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

lokalisado at angkop na paraan ng pagtuturo kung saan isinasaalang-alang ang kani-kaniyang konteksto ng bawat komunidad.

Ang lokal na konteksto ay nakatutulong upang makita ng mga mag-aaral ang praktikal na aplikasyon ng kanilang natutuhan sa pang-araw-araw na buhay. Sa gayon, nagdudulot ito ng mas malalim na pag-unawa at mas matibay na pag-alala sa mga aralin.

Sa pamamagitan ng paggamit ng mga lokalisadong estratehiya, higit na matutugunan ang tiyak na pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Natututo rin ang mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kritikal na pag-iisip at hanapan ng mga solusyon ang mga suliraning kinakaharap ng bawat komunidad.

II. Ang layunin ng proyekto ay ang sumusunod:

- natitipon ang mga lokalisadong estratehiya na isinulat ng mga guro sa Sangay ng Bulacan;
- napatataas ang akademikong pagganap ng mag-aaral gamit ang mga lokalisadong estratehiya; at
- naitatampok ang mga guro sa Sangay ng Bulacan na may sapat na kakayahan sa pagsasagawa ng mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo-pagkatuto upang mapaunlad at mahasa ang akademikong pagganap ng mag-aaral na makahahasa sa kritikal na pag-iisip na kanilang magagamit sa pang-araw-araw na buhay.

## III. KAHALAGAHAN NG PROYEKTO

Ang proyektong ito ay mahalaga dahil ito ay magsisilbing tulay upang mapag-ugnay ang teorya at praktika sa pagtuturo. Ang mga lokalisadong estratehiyang matitipon ay magiging yaman at sanggunian ng lahat ng guro sa Filipino, lalo na sa mga nagsisimula pa lamang sa serbisyo. Sa pamamagitan nito, masisiguro na ang pagtuturo ay may kaugnayan sa buhay at karanasan ng mga mag-aaral, na siyang susi sa mas malalim na pagkatuto.

Bukod dito, ang pagkilala sa mga mahuhusay na guro ay magsisilbing inspirasyon at motibasyon sa lahat ng tagapagturo na patuloy na pagbutihin ang kanilang gawain at maging malikhain sa paghahanap ng mga paraan upang mapabuti ang antas ng edukasyon. Ang inaasahang resulta ay mga



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph

mag-aaral na hindi lamang may mataas na marka kundi may sapat na kasanayan sa kritikal na pag-iisip at maayos na pakikipagtalastasan.

## IV. MGA PAKINABANG NA MAKAKUHA

- **Sa mga Guro:** Magkakaroon ng kompyal at mapagkukunan ng mga subok at epektibong estratehiya; makikilala at mapahahalagahan ang kanilang mga ambag at kakayahan.
- **Sa mga Mag-aaral:** Mas magiging kawili-wili, madaling intindihin, at may kaugnayan sa kanilang buhay ang mga aralin; mahahasa ang kanilang kasanayan at kakayahang mag-isip nang mapanuri.
- **Sa Sangay ng Bulacan:** Magkakaroon ng talaan at dokumento ng mga matitibay na hakbang at inobasyon sa pagtuturo na maipagmamalaki at maibabahagi sa iba pang mga sangay.

## V. PAKSA AT SAKLAW

Ang proyekto ay sumasaklaw sa pangangalap, pagsusuri, at paggamit ng mga lokalisadong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino para sa lahat ng antas sa ilalim ng pamamahala ng Sangay ng Bulacan. Saklaw din nito ang pagdiriwang at pagkilala sa mga guro na nakabuo ng mga natatanging pamamaraan at ang pagsukat sa epekto nito sa pagganap ng mga mag-aaral mula Hunyo hanggang Disyembre 2026.

## VII. INAASAHANG RESULTA

Matapos ang proyekto, inaasahang makabubuo ng isang kalipunan ng mga lokalisadong estratehiya na magagamit nang pangmatagalan. Inaasahan din ang kapansin-pansing pagtaas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, pati na rin ang pagkakaroon ng mas maraming guro na masigasig, malikhain, at may kakayahang maghatid ng de-kalidad na edukasyon na humuhubog sa kritikal na pag-iisip ng bawat mag-aaral.

## VIII. BADYET

Ang mga inaasahang gastusin para sa reproduksiyon ng mga lokalisadong kagamitan ay ihihingi sa badyet ng Dibisyon sa Taong 2027.



Provincial Capitol Compound, Brgy. Guinhawa, City of Malolos, Bulacan
website: https://bulacandeped.com email. bulacan@deped.gov.ph